# Balitang Manmin

BILANG 148 ENERO 17, 2016


# "Isang Gabi ng Kaligtasan at mga Himala" Pagdiriwang ng Kapangyarihan sa Buong Mundo



Tumanggap ng plake ng pagpapahalaga si Rev. Dr. Soojin Lee mula sa pangulo ng Honduras na si Presidente Orlando Hernandez. Ipinangaral ni Rev. Lee ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at tungkol kay Jesu-Cristo sa La Cosecha Church at sa San Pedro Sula Manmin Church (Litrato 1, 2, 5, 6, 7). Maraming gumaling mula sa iba't ibang karamdaman (ibaba); Nagtanghal si Kapatid Jungeun Kim at ang Power Worship Team (Litrato 3); at si Elder Johnny Kim, dumalo siya sa JBN Media Conference (Litrato 4)

Labintatlong taon na ang nakaraan mula noong huling nagdaos ng krusada sa Honduras noong taong 2002 na binansagang 'Hurricane Jesus'. Napakalakas ng kapangyarihang ipinakita doon sa pamamagitan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Noong nakaraang taon, 2015, tumama ulit sa Honduras ang 'ipu-ipo' ng pagpapagaling at mga biyaya.

Noong Nobyembre 27, 2015, sa ganap na ika-6:30 ng gabi (CST), nagdaos si Rev. Dr. Soojin Lee, presidente ng samahan ng mga pastor, ng isang krusadang may panyong nakakapagpagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12). Ang krusada ay tinawag na 'Isang Gabi ng Kaligtasan at mga Himala'. Ito ay ginanap sa La Cosecha Church, at dinaluhan ng mahigit-kumulang 10,000 tao.

Ang La Cosecha Church ay nasa San Pedro Sula, ito ay isa sa pinakamalaking iglesya sa Latin America. Mayroon itong mahigit sa 70 sangay na iglesya at isandaanglibong miyembro. Ibinobrodkast ng Punong Pastor Misael Arhenal ang sermon ni Dr. Jaerock Lee na 'Ang Mensahe ng Krus' sa loob ng isang oras bawat araw, mula Lunes hanggang Biyernes sa ch. 39.

Umawit ng papuri sa wikang Kastila si Kapatid Jungeun Kim, soloista siya ng Komite ng Sining ng Manmin Central Church. Napakaganda rin ng pagtatanghal ng Power Worship Team. Hinaplos ng mga pagtatanghal ang mga puso ng mga miyembro. Inihatid ni Rev. Soojin Lee ang mensaheng "Blessing by Walking in the Light" (Pagpapala sa Pagsunod sa Liwanag). Pagkatapos, idinalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), maraming pagpapagaling ang naganap.

Nakarinig ang isang taong ipinanganak na bingi, naibalik ang mga malabong paningin, at nakapaglakad ang mga hindi nakakapaglakad. Gumaling ang mga may epilepsy, hemi-paralysis, sakit sa puso, at thyroiditis. Napawi ang lahat ng sakit, at maraming nagsisi ng lubos. Nagpakita ng dakilang kapangyarihan ang Banal na Espiritu, dahil dito niluwalhati ng mga tao ang Diyos.

Ang krusadang ito ay naibrodkast sa South Korea, Peru, Colombia, Canada, at U.S. sa channel 39, at sa walong istasyon ng radyo, at sa internet. Naging pagdiriwang ito ng kapangyarihan sa buong mundo.

Noong Nobyembre 28, sa ganap na ika-5:00 ng hapon, idinaos ang pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling sa labas ng San Pedro Sula Manmin Church. May 5,000 tao ang dumalo dito, at ipinangaral ni Rev. Soojin Lee ang mensaheng, "Why Is Jesus Our Only Savior?" (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?). Ipinanalangin Niya ang mga maysakit gamit ang panyo. Maraming gumaling mula sa kanilang karamdaman, pati na ang may ketong.

Noong Nobyembre 29, ika-3:00 ng hapon inihatid din niya ang mensaheng, "Faith" (Pananampalataya) sa pagsamba sa araw ng Linggo sa nabanggit na iglesya.

Sinabi ni Pastor Esteban Handal ng San Pedro Sula Manmin Church at Presidente ng JBN Chistian Channel, "Ibinobrodkast ng JBN ang mga mensahe ni Dr. Lee sa satellite at internet. Pinapanood ito ng mga taga-Paraguay, Peru, Venezuela, El Salvador, Mexico, at Bolivia. Nasisiyahan sila sa programa, pinupuri nila ito. Maraming nagpapadala ng mga patotoo sa pamamagitan ng telepono, email, at text messages. Higit sa lahat, dahil ipinalangin sila ni Dr. Lee, maraming naganap na himala, niluwalhati nila ang Diyos sa mga patotoo nila."

Noong Nobyembre 29, bumisita si Lorena Herrera, Bise Presidente ng Honduras, sa hotel na tinutuluyan ni Rev. Lee. Ginawaran niya si Rev. Lee ng plake ng pagpapahalaga, pirmado ito ng Presidente ng Honduras na si Orlando Hernandez.

Inaliw at pinalakas ang mga taga-Honduras ng biyaheng ito sa pamamagitan ng pag-ibig ng Panginoon at kamangha-manghang pagkilos ng Banal na Espiritu. Matagal na silang nagdurusa mula sa mga karamdaman, terorismo, at mga kapahamakan.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

•••

## Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu (4)

# Pagtitiyaga

Kadalasan, nakasalalay sa pagtitiyaga ang kasiyahan at kalungkutan ng isang tao. At ang resulta ng pag-aaral, trabaho, o negosyo ay magkakaiba din, depende ito sa pagtitiyaga niya. Tulad din ito ng mga bagay na may kinalaman sa espirituwal. Kapag gusto nating tumanggap ng kasagutan mula sa Diyos, depende din sa pagtitiyaga ang magiging bunga nito.

### 1. Ang bunga ng pagtitiyaga nang hindi nangangailangan ng salitang 'pagtitiyaga'

Pagtitiyaga sa lahat ng bagay ang pagtitiyagang bunga ng Banal na Espiritu. Mas mataas ang antas ng pagtitiyagang ito kaysa sa pagtitiyagang binabanggit sa espirituwal na pag-ibig na isinulat sa 1 Mga Taga-Corinto 13.

Ang espirituwal na pagtitiyaga ay hindi pagtitiis sa masama kundi pagtitiis nang may kabutihan. Sa katunayan, kung pagyayamanin ninyo ang espirituwal na pagtitiyaga sa puso ninyo, hindi na ninyo kailangan pang sumubok na maging matiyaga. Magkakaroon kayo ng malawak na kalooban.

Halimbawa, kapag mataas ang lagnat ng isang bagong panganak na sanggol, mahihirapan ang ina sa pag-aalaga sa kanya. Hindi siya makakatulog o makakakain. Pero hindi niya iisipin ang sarili. Iisipin niya kung paano niya gagawing kumportable ang sanggol niya. At kapag bumaba kahit kaunti lang ang lagnat ng sanggol, magiging napakasaya niya, hindi na niya maiisip ang paghihirap na dinaanan niya.

Parang ganito ang espirituwal na pagtitiyaga. Magkakaroon kayo ng mga paghihirap hanggang sa makamit ang hinahangad ninyo, personal man ito, pagpapakabanal, o para sa kaluwalhatian ng Diyos. Makakapaghintay kayo nang may pananampalataya at pag-ibig dahil may inaasahan kayong bunga. Ito ang espirituwal na pagtitiyaga. Sa ganitong klaseng bunga, hindi na ninyo kailangan pang pagsikapan ang pagtitiyaga. Pwede kayong manatiling kalmado, walang makakapanggulo sa inyo.

### 2. Tatlong klaseng espirituwal na pagtitiyaga

#### Una, kailangan natin ng pagtitiyaga para baguhin ang ating puso

Mas mahirap maging matiyaga kung masama ang puso natin. Mababasa sa Lucas 8:15, "At ang nahulog sa mabuting lupa ay sila na pagkatapos marinig ang salita, ay iningatan ito sa isang tapat at mabuting puso at nagbubunga na may pagtitiyaga."

Dapat tayong magtiis at magsikap para maging katulad ng mabuting lupa ang puso natin. Para maging banal, dapat tayong sumunod sa katotohanan, manalangin ng maalab, mag-ayuno ng taos-puso. Iwaksi natin ang mga bagay na dati nating pinapahalagahan. Kung hindi ito makakatulong sa espirituwal na buhay natin, iwaksi natin ito.

Huwag tayong huminto sa kalagitnaan o sumuko pagkatapos magsikap sa maiksing panahon. Dapat pigilan ang sarili hangga't makakaya at kumilos ayon sa Salita hanggang anihin natin ang bunga ng pagpapabanal. Kung kailangan nating pagsikapang bunutin ang damo mula sa ugat para mawala ito, dapat din tayong manalangin at baguhin ang puso natin hanggang mabunot natin ang makasalanang likas mula sa pinagmumulan nito.

May mga taong nag-aakala na may naiwaksi na sila dahil sa pananalangin, pero makikita nila ito uli sa puso nila. Para sa iba, magiging dahilan ito ng panghihina ng kalooban. May makikita kayong mga kasinungalingan sa kalooban ninyo hangga't hindi ninyo nabubunot lahat ng orihinal na likas na makasalanan. Pero hindi ito nangangahulugang may pagbabagong nagaganap sa espiritu ninyo. Parang nagbabalat kayo ng sibuyas, magkakapareho ang bawat suklob nito, at kung hindi kayo hihinto, mauubos ang sibuyas. Ganito rin ang makasalanang likas.

Huwag kayong malungkot kung hindi ninyo naiwaksi kaagad ito. Magtiyaga kayo hanggang sa huli, magpatuloy sa pananalangin ng taimtim, at umasa sa pagbabago. Kahit wala pa kayong nakikitang bunga sa sarili ninyo, kung magpapatuloy kayo sa paggawa ng kabutihan at katotohanan, hindi kayo mapapagod.

Kapag lilinisin ninyo ang puso ninyo nang may pananampalataya, sasagana ang kaluluwa ninyo, lahat ng bagay ay bubuti para sa inyo, lulusog kayo.

#### Pangalawa, magtiis tayo para sa ibang tao

Hindi madaling makipag-usap sa mga taong hindi ninyo kapantay sa edukasyon at iba ang ugali. Baka hindi rin maging mapayapa kung magkaiba ang mga saloobin ninyo, mula sa maliliit at hindi importanteng bagay hanggang sa mga seryosong bagay.

Iisipin ng mga naghahangad na maging banal na mahalagang mga anak din ng Diyos ang ibang tao. Tutulungan nila ang mga ito kahit ano pa ang mangyari at kahit anong klaseng tao pa ang mga ito. Sa paraang ito, makakapagtatag at mapapanatili nila ang kapayapaan. Mabuti ang kalooban nila, inuunawa nila ang ibang tao, nagtitiis sila habang inuuna ang kapakanan ng iba. Nagtitiyaga sila kahit masama ang ginagawa ng mga ito. Ang kasamaan ay ginagantihan nila ng kabutihan.

Kailangan nating magtiyaga kapag nagbabahagi tayo ng ebanghelyo o kapag nagpapayo tayo sa iba, o kapag nagtuturo tayo sa mga manggagawa ng iglesya kung paano gagawin ang gawain para sa kaharian ng Diyos. May mga taong mabagal magbago dahil nakipag-ugnayan sila sa mundo kahit matagal na nilang natutuhan ang katotohanan. Idalangin natin sila nang may pagluha at pagtangis, magtiis tayo para sa kanila. Kung ihahasik ninyo ang binhi ng pagtitiyaga, makakamit ninyo ang bunga ayon sa katarungan ng Diyos.

Kung pinagtiisan ninyo ang ibang kaluluwa hanggang sa magbago sila habang ipinapanalangin ang mga ito nang may pagluha, mas lalawak ang kalooban ninyo, maaalagaan ninyo silang lahat. Magkakaroon kayo ng awtoridad at kapangyarihan para muling buhayin ang maraming kaluluwa. At kung susupilin ninyo ang puso ninyo at itatanim ang binhi ng pagtitiis kahit akusahan pa kayo ng mali, loloobin ng Diyos na anihin ninyo ang bunga ng pagpapala.

#### Pangatlo, kailanagan natin ng pagtitiyaga sa relasyon natin sa Diyos

Kailangan nating magtiyaga sa paghihintay ng kasagutan ng Diyos kapag nanalangin tayo at humiling. Mababasa sa Marcos 11:24, "Kaya nga sinasabi ko sa inyo, ang lahat ng bagay na inyong idalangin at hingin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at iyon ay mapapasainyo."

Maraming pangako sa Biblia na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin ng mga anak Niya. Pero kadalasan hindi natatanggap ng mga tao ang kasagutan dahil kulang sila sa pagtitiyaga.

May mga taong humihingi ng agarang kasagutan, pero hindi sila sinasagot ng Diyos agad. Sumasagot sa kanila ang Diyos sa pinakatama at pinakamagandang panahon dahil batid Niya ang lahat ng bagay.

Kung ang hinihiling nila ay malaki at importanteng bagay, sasagutin sila ng Diyos kapag napuno ang kabuuang halaga ng panalangin. Tulad ng mga magsasaka, kailangan nila ng pasensya sa pagsasaka. Makakapag-ani sila pagkatapos ng ilang linggo o buwan, at ang iba naman ay pagkatapos ng isang taon o mga ilang taon.

Kung may pananampalataya tayo na tatanggapin natin ang kasagutan, dapat tayong manalangin at kumilos nang may pananampalataya hanggang magbunga ito at makuha natin ang kasagutan. At kapag dumadaan tayo sa mga pagsubok ng kalooban na magpapalago sa atin o mga pag-uusig sa buhay natin bilang Cristiano, kung magtitiyaga tayo, mabuti ang magiging bunga natin.

Si Jose ay ipinagbili sa Ehipto bilang alipin noong 17 taong gulang siya. Kahit tapat at masipag siya sa pagtatrabaho, inakusahan siya ng mali at ikinulong siya. Hindi nawala ang pagtitiwala niya sa Diyos na nagbabantay sa kanya. Matatag ang paniniwala niya sa pag-ibig ng Diyos na nagbibigay ng pinakamabuti sa tamang panahon. Binayayaan ng Diyos si Jose, naging pangalawang pinuno siya sa Ehipto pagkatapos ng Faraon.

Hinihikayat ko kayo na maging matagumpay sa paggawa ng gawain ng Diyos, isipin ninyo ang mga gantimpala sa langit, kahit humarap pa kayo sa kahirapan nang walang dahilan (Santiago 1:2-4). Palalaguin ang pananampalataya at palalalimin ng pagtitiyaga ang puso ninyo para mas maging banal ito. Mararanasan ninyo ang mga biyaya at mga kasagutan na ipinangako ng Diyos kung magtitiyaga kayo (Sa Mga Hebreo 10:36).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, naghihintay ang Diyos ng isanlibong taon na parang isang araw lang para magkaroon ng mga tunay na anak at tiniis Niya ang sakit nang ibigay Niya ang bugtong na anak Niya para sa atin. Tiniis din ni Jesus ang paghihirap sa krus, nagtitiis din ang Banal na Espiritu nang may pagdaing na hindi maipaliwanag sa panahon ng pangangalaga ng sangkatauhan. Hinihikayat ko kayo na sikaping magkaroon ng ganap na pagtitiyaga, alalahanin ninyo ang pag-ibig ng Diyos.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon, na magbunga nawa kayo ng mga pagpapala sa tahanan ninyo sa langit. Tamasahin nawa ninyo ang mga panahon ng tunay na kagalakan sa pag-aani dito sa lupa (Mga Awit 126:5-6).

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Tunay Ba ang Pananampalataya Ninyo?

Kung tunay ang pananampalataya ninyo, maniniwala kayo na Salita ng Diyos ang Biblia na naisulat sa animnapu't anim na aklat. Ang pananampalataya ba ninyo ay hindi nagbabago kahit lumipas pa ang panahon at hindi nakikibagay sa kasinungalingan? Naniniwala ba kayo na nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at ang mga ito ay nagmula sa wala? Naniniwala ba kayo na ang Diyos ang Manlilikha at totoong may Langit at Lupa? Suriin natin ang pananampalataya ninyo ayon sa tatlong aspeto para makita natin kung tunay ito.

## 1) Binabantayan ang Inyong Salita

### Tungkol sa pananampalataya at kabutihan lang ba ang sinasabi ninyo?

Kung sinasabi ninyo na naniniwala kayo sa Diyos pero umaasa kayo sa tao, sa sarili ninyo, o sa kaalaman ninyo, pinipigilan ninyo ang Diyos sa pagkilos para sa inyo. Kung lubos kayong umaasa sa Diyos, sasamahan at papatnubayan Niya kayo. May pagpapakumbaba kayo sa pagsunod sa kalooban Niya at magiging mabuti kayo kahit may mga pagsubok.

Malaki ang pagmamahal ng Diyos kay David, naging hari siya ng Israel. Nang nakagawa siya ng mabigat na kasalanan, itinago niya ito, dinala niya sa kamatayan ang isang tapat na tao. Dahil sa ginawa niya, dinisiplina siya ng Diyos. Isa na dito ang paghihimagsik ng anak niyang si Absalom laban sa kanya. Habang tinatakasan niya ang pagpatay sa kanya ng anak niya, nilait at minura siya ng isang lalaki na nagmula sa angkan ng sambahayan ni Saul na tinatawag na Shimei. Hindi siya nagsalita laban kay Shimei. Pinigilan pa niya ang pagpatay ng mga sundalo niya kay Shimei (2 Samuel 16:5-13). Tinanggap niya ang pagsubok, nagpakababa siya sa harapan ng Diyos.

Kung tunay ang pagtitiwala ninyo sa Diyos, may pananampalataya at kabutihan ang lalabas sa bibig ninyo kahit nagdurusa kayo. Pero may mga taong nagsasabing may pananampalataya sila pero laging nagrereklamo at umaangal kapag nahihirapan. Nagagalit at gumagawa sila ng masama sa ibang tao sa halip na magpakumbaba at matuto mula sa mga pagsubok.

Bukod dito, nanghuhusga at nanghahatol sila ng ibang tao, nagmumura sila dahil nagmamalinis sila. Mahirap sabihing may pananampalataya sila kahit maliit lang.

Walang dahilan na manlupaypay kung may dumating na mga pagsubok sa inyo (Kawikaan 24:10). Sa halip, kapag nahirapan, patutunayan ninyo na may kabutihan at pananampalataya kayo.

## 2) Pagmamahal Ninyo sa mga Kaluluwa

### Tapat ba ang pagmamahal ninyo sa mga Kaluluwa?

Namanata ang ilang Judio na papatayin si Pablo, tinugis siya ng mga ito at hinadlangan saan man siya pumunta. Pinagbabato siya pero hindi siya namatay. Maraming beses siyang binugbog, pero kahit nagdurusa siya walang masamang salita ang lumabas sa bibig niya. Kahit matindi ang pag-uusig sa kanya ng mga Judio, pinili pa niyang siya ang mahiwalay kay Cristo at mapunta sa Impiyerno para maligtas sila (Mga Taga-Roma 9:3).

Makakaranas kayo ng pag-uusig at kahirapan kapag mangangaral kayo ng ebanghelyo at papatnubay sa mga kaluluwa. Pero kung maalab ang pagmamahal ninyo sa mga kaluluwa, hindi kayo mahihirapan. Huwag kayong malungkot at manghina kahit sumusuway at nagrereklamo ang mga kaluluwang ipinagkatiwala sa inyo. Huwag ninyong sabihin, "Puro reklamo sila kaya hindi sila pinagpapala, pagsubok lang ang ibibigay sa kanila."

Maging positibo kayo sa pagsasalita tungkol sa pananampalataya nila, hangarin ninyo ang lahat ng mabubuting bagay para sa kanila at mahabag kayo. Naisin ninyong maging masagana at maligtas ang mga kaluluwa nila. May mga taong likas na maibigin, maaaring paglingkuran nila ang Diyos, hindi ito nangangahulugang tunay ang pananampalataya nila. Ang pinakamahalaga ay tapat na puso.

Mababasa sa Mateo 23:23, "Kahabag-habag kayo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nag-iikapu kayo ng yerbabuena, ng anis, at ng komina, at inyong pinababayaan ang higit na mahahalagang bagay ng kautusan: ang katarungan, ang habag, at ang pananampalataya. Subalit dapat sana ninyong gawin ang mga ito nang hindi pinababayaan ang iba." Mas mahalaga ang katarungan, habag, at pananampalataya kaysa sa paglilingkod.

Kahit ang isang tao ay tapat kung titingnan, pero hindi mabuti ang kalooban, hindi ito tatanggapin ng Diyos bilang tunay na pananampalataya. Kapag naglilingkod tayo nang may pagmamahal sa Diyos at sa mga kaluluwa, tatanggapin Niya tayo bilang tunay at tapat na lingkod.

## 3) Pagsunod

### Sinusunod ba ninyo kung anong iniutos ng Diyos sa inyo?

Ipinagbili si Jose bilang alipin sa Ehipto sa edad na 17, nagdusa siya sa loob ng 13 taon. Nagtiwala si Jose na sinasamahan siya ng Diyos, naging marangal siya at tapat. Sinunod niya ang kalooban ng Diyos.

Noong alipin siya at nasa bilangguan, ipinaubaya niya ang lahat ng bagay sa Diyos. Hindi siya nag-alinlangan sa kalooban ng Diyos kahit malala na at parang wala ng pag-asa ang mga nangyayari, hindi siya nagbago.

Nang magkita ulit sila ng mga kapatid niya na nagtangkang pumatay sa kanya, pinakitaan niya ang mga ito ng kabutihan. Sinunod niya ang kalooban ng Diyos. Bilang pagsunod sa pag-ibig ng Diyos, pinatawad niya ang mga ito.

Halimbawa, may isang taong isinusuko ang sariling kapakanan para sa ibang tao. Pero, nang paulit-ulit na nangyayari ito, hindi na siya napalagay. Ito'y sapagkat iniisip niya na nawawalan siya, nagsisimulang umangal ang puso niya.

Kung totoong sinusunod ninyo ang kalooban ng Diyos, hindi lang minsan ang pagpaparaya at paglilingkod ninyo sa ibang tao. Magiging totoo kayo at ipagpapatuloy niyo ito para malugod sa inyo ang Diyos.

At kung hihinto kayo sa gitna ng pagbabago dahil nahirapan kayo, ibig sabihin, hindi tapat ang puso ninyo, hindi lubos ang pagtitiwala ninyo sa Diyos. Naghahanap ang Diyos ng mga manggagawa na susunod ng tapat kahit hindi naaayon sa saloobin nila ang mga nangyayari.

Ganap na pagsunod ang nais ng Diyos. Ayaw Niyang baguhin ninyo ang kautusan at mga utos Niya para ibagay sa gusto at kapakanan ninyo. Nais Niya na sundin ninyo ang mga utos kung paano sinabi ang mga ito. Dapat tayong maging mga manggagawa na may tunay na pananampalataya at nakahandang maging martir kung kalooban ito ng Diyos.



# “Dahil sa Stroke Naparalisa ang Kalahating Katawan Ko, Nakakagalaw na Ako Ngayon, Nakakapaglaro pa ng Soccer!”



Kapatid Wally Kimbangi, 31 taong gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo

Noong taong 2014, nagtrabaho ako sa National Resources Department. Inaasahang sa UN Headquarters sa Europe ako magoopisina, at magsasanay sa Kenya. Pero ibang tao ang kinuha, matindi ang pagkabigla ko.

Noong Abril taong 2014, nakitaan ng sintomas ng pagiging paralisado ang kanang kamay at braso ko, umabot pa ito sa mga binti ko. Hanggang buong katawan ko na ang paralisado, kasama na ang mukha ko. Ang karamdaman ko daw ay malalang paroxysmal cerebral infarction. Nagpasuri ako sa apat na ospital, uminom ng gamot, at nagpa-physical therapy. Nakakain ako pero lumala ang kalagayan ko. Dumaan ako sa anim na buwang gamutan, pero napakamahal nito, itinigil ko na lang.

Noong Marso taong 2015, nanaginip ako. May isang taong nagbigay sa akin ng card at tinapay. Nakasulat sa card ang ‘Magsaya kayong palagi, manalangin ng walang patid, at magpasalamat sa lahat ng bagay’. Asiano ang taong nagbigay sa akin ng card na ito, nakita ko siya sa karatula ng Kinshasa Manmin Church. Nakakapagtaka, bumisita ako sa iglesyang iyon at nakilala ko si Pastor Jacob Hosu Lee, tulad ng napanaginipan ko. Tinanong ko siya kung sino ang taong nasa karatula, sinabi niya na ito ay ang Punong Pastor, Dr. Jaerock Lee.

Dinala ako ng Diyos sa daang mapagpala sa pamamagitan ng mga panaginip.

Naantig ang damdamin ko nang marinig ko ang tungkol sa mga makapangyarihang pagkilos na ipinapakita sa pamamagitan ni Dr. Lee. Siya ay isang pang-buong mundong pastor na nagbibigay sigla sa mga espiritung nanghihina. Nagsimula akong dumalo sa mga pagsamba tuwing Linggo. Punong-puno ng pagpapala at emosyon ang iglesya. Pagkatapos, pinakinggan ko ang mga sermon ni Dr. Lee sa pagsamba ng Manmin Central Church na ibino-brodkast ng GCN.

Nang mabalitaan ko ang tungkol sa mga pagpapala sa mga anak ng Diyos, sinimulan ko ang pagdalo sa pulong-panalanging Daniel, nanalangin ako. Nakita kong maraming taong gumagaling mula sa mga karamdaman, tumatanggap ng mga kasagutan, nanampalataya ako na gagaling ako.

Tinatanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit sa tuwing may pagsamba, tinanggap ko rin ang panalanging may panyo ni Pastor Jacob Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nagsimula akong makapaglakad, walang pananakit. Tanda ito ng paggaling! Para lubos na ang paggaling ko, inihanda ko ang sarili sa panonood ng pagbobrodkast ng Manmin Summer Retreat sa taong 2015.

Noong Agosto 3, pinanood ko ang video ng retreat. Parang punung-puno ito ng apoy ng Banal na Espiritu. Nakakamangha ang kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita sa pamamagitan ng Punong Pastor. Nagkaroon ng pagpapagaling, gumaling ang mga taong mula pa sa buong mundo na nagpunta doon, at ako din kahit pinanood ko lang ang nakarecord na retreat sa DR Congo. Nawala ang sintomas ng pagka-paralisado, kaya naigagalaw ko na ang kanang braso at binti ko. Pumikit ako, malinaw ang pandinig ko. Hindi na ako naglalaway, wala na akong nararamdamang pananakit.

Bukod dito, noong Agosto 5, huling araw ng retreat ng Manmin, tinawagan ako ng National Resources Department, makakapagtrabaho na daw ako sa kumpanya nila. Hallelujah!

Sa kasalukuyan, parang nasa akin na ang lahat ng bagay na gusto ko. Nakakapaglaro ako ng soccer, nakakatakbo. Lahat ng pagpapasalamat ay para sa Diyos, batid Niya ang lahat ng bagay tungkol sa akin, pinapatnubayan Niya ako at pinagpapala!

# “Gusto Kong Magpuri sa Diyos ng Pag-ibig sa Pamamagitan ng Isang Tula”



Punong Diakonesa Younghee Namkung, 49 taong gulang, South Korea

Hindi ako natutong magsulat ng tula, ni hindi ko sinubukan. Pero naging ‘manunula’ ako dahil sa mga pangyayari sa buhay ko.

Dumaan ako sa pagsubok ilang taon na ang nakaraan. Dahil dito natanto ko na lahat ng bagay sa buhay ko ay nangyayari dahil sa pagmamahal sa akin ng Diyos. Sa tatlong buwang palugit na ibinigay sa akin dahil sa pananalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee noong taong 2013, nalaman kong sinusunod ko ang sariling kalooban, at hindi ang kalooban ng Diyos. Lubos ang pagsisisi ko.

Magmula noon, nagsimulang lumago ang pananampalataya ko. Malabo dati ang mga pangyayari, parang may hamog, pero naging malinaw ito, nakikita ko na ang lahat ng bagay. Nagbago ang pananaw ko tungkol sa makamundong mga tao, at ang kabanalan at kapangyarihan ng Diyos na likas sa lahat ng bagay ay nag-iba sa paningin ko.

Isang araw, naglalakad ako ng madaling araw sa kabundukan ng Kanghwa. Nakakita ako ng mga biyoleta, inisip ko, “Parang ipinapakita ng mga bulaklak na ito ang damdamin noong araw ng paglikha ng Diyos, at namumukadkad ito taun-taon ng may ganoong damdamin.” Naging masigasig ako para magkaroon ng malinis na puso dahil ito ang nais ng Diyos. Nagsimula din akong sumulat.

Nagsimula akong gumawa ng tula. Iminungkahi ng mga kakilala ko na ipadala ang mga sinusulat ko sa kompetisyon ng Korean Christian Writers’ Association. Pero, nakabasa ako ng ibang tula na isinulat ng mga Cristianong manunulat, napakagagaling nila at mahusay gumamit ng mga salita. Kinalimutan ko na lang ang pagsusulat.

Isang linggo bago ianunsyo ang mga nanalo, nanghina ako. Nawalan ako ng lakas, parang hindi ako makakilos ng walang tulong. Pero naisip ko rin na ang lahat ng bagay ay ayon sa pagpapala ng Diyos.

Pagkatapos, narinig ko ang anunsyong hindi ko inaasahan: ako ang nanalo. Natanto ko na nalugod sa akin ang Diyos nang tanggalin ko ang makalamang pananaw ko sa buhay at umasa lang sa Kanya. Niloob Niyang maging mabuti ang lahat ng bagay para sa akin at pinagkalooban ako ng gantimpala.

Niluluwalhati at pinasasalamatan ko ang Diyos, binago Niya ang puso ko. Kalooban Niyang purihin ko ang pag-ibig Niya sa pamamagitan ng tula.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714